Kabataan at Pagkabata sa Panitikang Bakla

Chuckberry J. Pascual
UNIVERSITY OF SANTO TOMAS

Abstrak

Inilarawan ni Neil Garcia ang mga baklang manunulat bilang mga sensitibo at responsableng *"participant observer"* ng mga reyalidad na kanilang piniling talakayin sa kani-kanilang mga akda. Kung kaya ang mga akdang nilalaman ng *Ladlad 3* (at maging siyempre ng naunang dalawa) ay pawang "…ethnographically informed textual renditions, by intimately involved actors and agents, of gay life as they have suffered and enjoyed it in the country today." (Garcia and Remoto, "*Ladlad 3*" xxii)

Ang etnograpikal na himig—ang bulong ng "totoo"—ang tinuntungan sa pagbasa ng mga textong susuriin sa papel na ito. Sa pagbabasa ng masining na rendisyong textual ng karanasan ng mga bakla tungkol sa kabataan at pagkabata, maaaring makita ang kanilang pakikipagtunggali at pakikipagnegosasyon sa rehimen ng heterosexualidad.

Nahahati ang papel sa mga sumusunod na bahagi: paghahanap sa sarili, identipikasyon sa babae, pagkamulat sa homosexualidad, at pagpupulis sa sexualidad. Napili ang mga textong ito dahil sa kanilang paglalarawan ng kabataan at pagkabatang bakla mula sa punto de bista mismo ng bakla. Mahalaga ang implikasyon sa mga texto ng kasarian at subjectivity ng mga manunulat dahil ito ang nagbibigay bisa sa kanilang pakikitalad sa paghubog sa konsepto ng "bakla," partikular ang paghubog sa bata at kabataang "bakla."

Neil Garcia describes gay writers as sensitive and responsible "participant observers" *of the realities they choose to tackle in their respective works. The texts contained in* Ladlad 3 *(Coming Out 3) and even in the previous anthologies are "…ethnographically informed textual renditions, by intimately involved actors and agents, of gay life as they have suffered and enjoyed it in the country today." (Garcia and Remoto,* Ladlad 3, *xxii)*

This ethnographic tone—the whispers of "truth"—becomes the stepping stone for the analysis of texts in this paper. Through the reading of artistic textual renditions of the gay experience on youth and childhood, one can see the conflicts and negotiations with the regime of heterosexuality.

The paper is divided into the following parts: self-discovery, identification with women, homosexual awakening, and the monitoring and surveillance of sexuality. The texts were chosen because of their depictions of gay youth and childhood from perspectives that

are decidedly gay. The gender and subjectivity of the writers bear significant implications to the text because it lends authenticity to their journey in shaping concepts of being "gay," especially in developing children and "gay" youth.

Mga Panandang Salita: Panitikang pambata, panitikang bakla, kritisismo, Ladlad, gender studies, queer studies

Keywords: Children's literature, gay literature, criticism, *Ladlad,* gender studies, queer studies

Sa kaniyang introduksyon sa *Ladlad 3*, inilarawan ni Neil Garcia ang mga baklang manunulat bilang mga sensitibo at responsableng *"participant observer"* ng mga reyalidad na kanilang piniling talakayin sa kani-kanilang mga akda. Kung kaya ang mga akdang nilalaman ng *Ladlad 3* (at maging siyempre ng naunang dalawa) ay pawang "…ethnographically informed textual renditions, by intimately involved actors and agents, of gay life as they have suffered and enjoyed it in the country today." (Garcia and Remoto, "Ladlad 3" xxii)

Ang pagbibigay-diin na ito sa pagiging "makatotohanan" at "siyentipiko" (dahil isang sangay ng antropolohiya o agham-tao ang etnograpiya) ng mga akdang nilalaman ng *Ladlad* at maaaring isipin bilang ekstensyon, ng panitikang bakla sa Pilipinas, ay makikita pa sa diskusyon ni Garcia kung paanong tinutugunan ng antolohiya ang isyu ng nasyonal. Sa pagbibigay-kahulugan niya sa tatlong "dimensyon ng kultura"—ang lokal, nasyonal at global, tinukoy ni Garcia ang lokal bilang "pangunahing reyalidad" (immediate reality). Ang pangunahing reyalidad na ito, na kadalasan ay nagtataglay ng kanilang mga "libidinal na karanasan," ang kinatutuntungan ng mga baklang manunulat at ng kanilang mga akda. Ang katangiang ito ang itinuturo ni Garcia bilang siyang malikhaing pagtugon ng panitikang bakla sa isyu ng nasyonal.

Ang pagpapahalaga naman sa lokal ay nagmumula sa kamalayan ng mga baklang manunulat sa matalik at dinamikong relasyon ng dimensyong ito sa kanilang panitikan. Bagaman ang lokal ang siyang nagbibigay sustansya sa kanilang panulat, kinakailangan din nito ang "kaliwanagan" at "kaligtasan" na ani Garcia, tanging ang buong sakit na isinasabuhay na sining ng mga bakla ang siyang makapagbibigay.

> Perhaps, more than our country's many canonical and self-important writers, Ladlad's contributors are poignantly aware of the fact that it is the local that is *the real*, that is the "sponsor" of all our poetry- and fiction-making, that feeds us and nourishes our bodies and our minds, and that ultimately needs our enlightenment and the "salvation" that only our painfully lived *arts* can bequeath. (Garcia and Remoto, "Ladlad 3" xxv)

Ang etnograpikal na himig—ang bulong ng "totoo"—ang tinuntungan ko sa pagbasa ng mga textong susuriin sa papel na ito. Sa pagbabasa ng

masining na rendisyong textual ng karanasan ng mga bakla tungkol sa kabataan at pagkabata, maaaring makita ang kanilang pakikipagtunggali at pakikipagnegosasyon sa rehimen ng heterosexualidad. At ito rin ang ipinagpapalagay kong isa sa maraming bisa ng mga textong susuriin sa kanilang pag-iral bilang mga textong nagdodokumento ng karanasan ng bata at kabataang bakla sa Pilipinas.

Mahahati ang papel sa mga sumusunod na bahagi: paghahanap sa sarili, identipikasyon sa babae, pagkamulat sa homosexualidad, at pagpupulis sa sexualidad.[1] Napili ang mga textong ito dahil sa kanilang paglalarawan ng kabataan at pagkabatang bakla mula sa punto de bista mismo ng bakla. Mahalaga ang implikasyon sa mga texto ng kasarian at sabjektiviti ng mga manunulat dahil ito ang nagbibigay bisa sa kanilang pakikitalad sa paghubog sa konsepto ng "bakla," partikular ang paghubog sa bata at kabataang "bakla."

Narito ang listahan ng lahat ng mga akdang tatalakayin/babanggitin:

TULA

May-akda		**Pamagat**
1	Baytan, Ronald	"Queen"
2	Cahilig, Christopher	"Sa Iyong Kaarawan, Itay"

1 Siyempre pa, nais kong linawin na artipisyal lamang ang pagugrupong ito. Hindi naman nalilimita sa usapin lamang ng sexualidad at/o identidad ang mga temang tinatalakay sa mga akda. Inilagay lamang sila sa mga grupo bilang pagtukoy sa mas matingkad na isyung binubuno. Dagdag pa, ang papel na ito ay panimulang sarbey pa lamang, at walang pretensiyon bilang depenitibo. Sa katunayan, kapag sinuri ang listahan ng mga akda, mapapansin na mayroon itong pagkiling sa mga akdang lumabas sa *Ladlad*. (Ang maikling kuwento lamang ni de Dios at ilang mga tula ni Evasco mula sa *Kilometro Zero* ang hindi kabilang sa *Ladlad*, bagaman naging bahagi rin sila ng mga antolohiyang ito.) Malay naman ang paglilistang ito, at pagkilala na rin sa halaga ng *Ladlad* at sa limitasyon ng mga ito: lantarang inaari ng tatlong antolohiya ng *Ladlad* ang singkaw ng representasyon ng karanasang bakla sa panitikan, at bagaman hindi ito perpekto o lubos na inklusibo, makasasapat na muna sa layon ng papel na ito na mga akda mula sa mga antolohiya nina Garcia at Remoto ang pagbasehan. (Maaaring may magsabi na mayroon nang iba pang akdang eksplisitong itinuturing ang sarili bilang panitikang pambata na tumatalakay sa homosexualidad. BIlang halimbawa, maaaring ibilang dito ang *Ikaklit sa Aming Hardin* ni Bernadette Neri na tumatalakay sa pamilya na may mga lesbianang magulang. Gayundin, malapit nang lumabas ang koleksiyong LGBTQI YA, inedit nina Eugene Evasco at Jack Alvarez, na tulad ng isinasaad ng titulo, ay young adult fiction na tumatalakay sa karanasang LGBTQI.)

3	Evasco, Eugene	"Bagong Taon ng Baguntao"
4		"Bakit Ako Nagpapalipad ng Saranggola"
5		"Coloring Book"
6		"Hardinero"
7		"Kung Bakit ako Pumipikit"
8		"Pagbabalik sa Silid ni Inang"
9		"Salamangka"
10		"Sinulid Naming Mag-ina"
11		"Usapang Kusina"
12	Garcia, J. Neil	"The conversion"
13	Garlitos, Raymund	"Kuwadernong Rosas"
14	Villanueva, Camilo	"Awit para sa Mamang Magbabalut"

MAIKLING KUWENTO

May-akda		**Pamagat**
15	Andrada, Michael Francis	"Boy Scouting"
16	Baquiran, Romulo	"Yakap"
17	Casocot, Ian Rosales	"The Different Rabbit"
18	de Dios, Honorio	"Atseng"
19	del Rosario, Paul	"Kotong"
20	Dela Cruz, Danilo	"Ang lalaking laging nakasalaming itim"
21	Groyon, Vicente	"Boys who like boys"
22	Navarro, Earl	"Ang H.P. at si Danny"
23		"Komunikasyon"

DULA

May-akda		**Pamagat**
24	Solito, Aureus	"Esprit de Corps"

Paghahanap sa Sarili

Hindi man tradisyonal na panitikang pambata, matatagpuan pa rin ang tema ng paghahanap (*quest theme*) sa ilang texto. Pinakamatingkad ito sa

"The Different Rabbit," na hindi na rin maituturing na kataka-taka, dahil ito lamang ang namumukod bilang textong isinulat talaga para sa batang bakla, kung kaya nga ang subtitulong "gay children's story." (Casocot "Ladlad 3" 11-18)

Isinasalaysay sa "The Different Rabbit" ang paghahanap ng kunehong si Sebastian sa dahilan ng kanyang pagiging "iba." Sa kanyang paghahanap, natagpuan na lang niya ang sarili na papasok nang papasok sa loob ng gubat, sa pag-asang makakita siya ng iba pang gaya niyang kunehong "iba." Sa kanyang paglalakbay, marami siyang nakaengkuwentrong mga nilalang, kabilang na ang isang paruparo, loro at bulate. Pero sa katapusan ng kanyang paghahanap, wala naman siyang natagpuang katulad na kuneho, at wala rin naman siyang ibang pinuntahang lugar kundi iyon ding kanyang pinanggalingan na sapa, at doon ay natagpuan rin niya ang iniwan niya noong umpisang kaibigang squirrel na si George.

Kung ibabatay sa kinahinatnan ng kuwento, tila sinasabi ng paghahanap sa "The Different Rabbit" na ang paghahanap sa sarili ay nakasalalay hindi sa pag-iiba ng heyograpikal na lokasyon, kundi sa pag-iiba ng pagtingin sa pagiging "iba" (different) ng sarili. Na ang "iba" (different)—ang kunehong si Sebastian—ay pareho rin, dahil mayroon pang ibang "iba"—gaya ni George—at kung tutuusin, hindi puwedeng maging "iba" ang subheto talaga kung ang pagbabatayan lamang ay ang sarili (Self): kailangan ng iba (Other) para maging "iba"—ang mga nakilala niyang kapwa kuneho na sina Tabitha at Tom—at hindi dahil "iba" sa iba ay "iba" na nga: ito ang dahilan kung bakit sa dulo, nalusaw na sa biro ang pahayag na "I feel different today" ng heterosexual na si Papa Rabbit.

Mahusay ang "The Different Rabbit" at maaaring ituring na tunay na makabago at mapagpalaya—kung hindi man rebolusyonaryo—bilang panitikang pambata, pero mayroon lamang panganib na masyadong nananalaytay ang Kanluraning kaisipan at hindi pambatang kamalayan sa kuwento. Nasabi ko ito dahil sa mga posibleng implikasyon ng mga piniling imahen.

Una, ang kuneho bilang protagonista. Bagaman hindi naman kakatwa ang kuneho bilang imahen sa panitikang pambata (unang sumusulpot sa aking isip ang *The Velveteen Rabbit*), sa konteksto ng panitikang isinulat ng bakla,

sumusurot ang sexual na konotasyon ng hayop na ito. Bagaman maaaring sabihing ang mga sinauna namang panitikang pambata na isinulat ng Brothers Grimm o kahit pa iyong mga kuwentong bayan na may prekolonyal na ugat ay talaga namang batbat ng karahasan at iba pang sentimyentong hindi karaniwang ikinakabit sa kamalayan ng mga musmos, hindi pa rin lubusang maaalis ang panganib ng pananatili ng himig ng istiryotipikal na paglalarawan sa bakla bilang mahilig sa sex. Ang isa namang maaaring positibong pagtingin dito ay ang posibleng reapropriasyon sa may pagka-negatibo (dahil sexual) na imahen ng kuneho: kung dati ay hindi mapakali ang kuneho sa paghahanap ng makakatalik, ngayon ay hindi siya mapakali dahil sa paghahanap sa katuturan ng kanyang sarili. At ang paghahanap ng katuturan na ito ay nagaganap kahit sa murang edad pa lamang.

Pangalawa, may panganib rin ang piniling paglalarawan ng bakla sa mga tauhang sina Marvin at Tallulah. Sa positibong pagtingin, maaari silang tingnan bilang reapropriasyon ng mga imaheng dating ginagamit bilang panlait sa bakla—ang malanding paruparo at ang madaldal na loro—pero sa pagkakataong ito, ginawa silang simbolo ng pagiging masaya, malaya, at maganda. Masaya ang paruparong si Marvin dahil nakalaya na siya mula sa tilas kaya malaya na siyang dumapo at bumisita sa "libu-libong bulaklak." Ang lorong si Tallulah naman ay maganda, masaya, at malaya dahil halos wala siyang ginawa kundi ang magdamit nang magara at makipagkita sa mga kapwa lorong ganoon din ang hilig.

Pero ang pagiging malaya, masaya, at maganda rin ang posibleng pagmulan ng negatibong impresyon ng mga tauhang ito, dahil kung sila ang maituturing na "mababuting" ehemplo ng bakla sa kuwento, may pagka-dekadente ang kanilang imahen. Walang ginagawa ang mga tauhang sina Marvin at Tallulah upang baguhin ang inaakalang pagiging dekadente ng buhay bakla at ang impresyon na ang tanging preokupasyon ng kulturang bakla ay superpisyal lamang—puro pagsasaya at paglalandi. Sa isang bahagi ng kuwento, binanggit pa na nakasuot ng feather boa ang lorong si Tallulah. Nakakatawa ito sa unang malas, maaari pa ngang gawing biro na napaka-redundant na loro naman ni Tallulah, pero may himig rin ito ng kawalang pakialam sa kapalaran ng kapwa—hindi ba't ibon ding may feathers si Tallulah? Kung sakaling isiping peke naman ang feathers sa kanyang boa, maaari

naman itong makita bilang pagsusulong ng isang uri ng konsumeristang uri ng kanibalismo.

Ang Kanluraning kamalayan naman ay makikita sa pagpili ng mga hayop at pangalan. Bagaman mahusay ang ebokasyon ng impluwensiyang Katoliko sa pagpili ng pangalan ng kunehong protagonistang si Sebastian—ikoniko si San Sebastian bilang santo sa mga bakla dahil nakahubad siya sa mga larawan at tadtad ng mga phallic na palaso, maliban pa sa naging inspirasyon din ang imaheng ito ng santo sa pabalat ng unang edisyon ng *Philippine Gay Culture* ni Neil Garcia, isa sa mga panandang batong pag-aaral sa kultura ng bakla sa Pilipinas—ang iba pang pangalan ay masyadong Kanluranin, e.g. Tabitha, Tallulah, Mr. Thornton. Kung mga batang baklang Pilipino ang inaasahang mambabasa ng kuwento ni Casocot, mas maigi siguro kung mas naging hayag ang pag-ugat ng kuwento sa lokal na konteksto ng Pilipinas.

Paghahanap din ang tema sa kuwentong "Ang H.P. at si Danny" (Navarro "Ladlad 1" 80-92) pero sa pagkakataong ito, ang paghahanap ay naging pagrampa: ang inaasahang makamit ng pangunahing tauhan ay ang magkaroon ng makakatalik. Kung sa "The Different Rabbit," sa gubat naglakbay ang pangunahing tauhan, sa loob naman ng isang mall—sa Harrison Plaza—naglakbay si Nigel sa "Ang H.P. at si Danny."

Namumutiktik sa suhestyon ng sexual na edukasyon ang kuwento. Pansinin: estudyante ang pangunahing tauhan; sa loob ng Gibson, isang bookstore, niya unang nakilala ang kanyang makakatalik na si Eric; ang kaibigang si Tom ang nagdala sa kanya sa Harrison Plaza at siyang nagbigay ng payo kung ano ang dapat gawin sa pagrampa. Sa mga bahaging nag-uusap sina Tom at Nigel, nabigyang-diin ang performativity ng kasarian sa pagrampa, dahil magkaiba ang Nigel na kinuyog sa mall ng mga iba pang naghahanap ng makakatalik sa Nigel na kilala ni Tom. Pero makikita na pareho silang mayroong rekognisyon sa isinasagawa nilang pagtatanghal. Basahin ang dayalogo ni Tom na gumagamit ng lengguwaheng hindi niya ginagamit sa pagrampa:

> "Pero, say, mabenta ka. Halos wala ka pang 30 minutes, may hada ka na—dapat! Imagine, tatlo agad ang may-I-come-to-you. Ibig sabihin, pretty ka! *Ang macho mo kasi, eh. Pa-mhin effect, di ba?* Pero, ba't di ka sumama? Nagtataka nga ako kung bakit wiz kayo nagkaharap man lang ng inyong mga fez at nag-usap. Ang layo

n'yo para sa isa't isa, 'no!" Sabi niya sa normal niyang lalaking boses na pang-hitad ang lengguwahe. (Navarro "Ladlad 1" 85-86)

Mayroon nga lamang suhestyon ng kalungkutan ang kuwento ukol sa pagrampa dahil sa pagbanggit sa titulo ng librong *Stair Case: A Sad Gay Story*. Hindi naging malinaw kung isa ba itong komentaryo sa praktika ng pagrampa, na isa itong gawain na may kaakibat na lungkot sa kabila ng laging nakaumang na pangako ng saya, lalo na at natapos ang kuwento na inulit ni Nigel ang paggamit ng kanyang bagong identidad na "Danny" na maaaring tingnan bilang paglamon sa kanya ng buong kultura ng pagrampang nananalaytay sa espasyo ng Harrison Plaza.

Sa "Ang lalaking laging nakasalaming nakaitim," (Dela Cruz "Ladlad 2" 241-247) isa pang kuwento na may tema ng paghahanap at sa loob din ng mall naganap, hindi lamang lungkot ang suhestyon kundi takot rin. Ang layon naman ng protagonista rito na si Ernie Victor ay ang magnakaw ng libro. Pero gaya sa "Ang H.P. at si Danny," may sexual na kalikasan rin ang kaalamang makukuha sa loob ng bookstore. Pero mas hayag ang panganib na dulot ng sexual na kaalaman sa "Ang lalaking laging nakasalaming itim"—may ebokasyon ng kamatayan ("Parang puntod ang mga istante na tinutulusan ng kandila ng mangilan-ngilang nangulila" [Dela Cruz 241]) at halos pulos madidilim at malulungkot ang binanggit na mga titulo ng libro, gaya ng *Cubao: Pagkagat ng Dilim*, *Les Miserables*, *Anna Karenina*, *The Grapes of Wrath* at *America is in the Heart*. Maaaring maalala sa paglalarawan ng kuwento sa *bookstore* ang mapanglaw na gubat na inilarawan sa *Florante at Laura* ni Francisco Balagtas, kung saan nakatali sa isang punong ginagamit bilang pantulos sa mga puntod si Florante at kung saan pati ang amoy ng mga bulaklak ay nakaliliyo at masangsang, sa halip na mabango at kahali-halina.

Madilim ang pagiging moralistiko ng kuwento: nakita ng pangunahing tauhan ang "liwanag" sa pamamagitan ng mga itim na salamin. Kung sa "Little Red Riding Hood" halimbawa, ay implisito ang panggagahasa sa kababaihan (sa lola ni Little Red Riding Hood at kay Little Red Riding Hood mismo) ng isang lalaking hayok na kinakatawan ng Malaki at Masamang Lobo (na mayroong tendensiya sa transvestismo), inilantad sa kuwento ni Dela Cruz ang dati ay mahihinuha lamang na karahasan sa mga kuwentong pambata. Dahil nagnakaw si Ernie Victor ng libro, kinailangan niya itong pagbayaran:

inabuso siya ng civilian guard ng bookstore at pinaglalangan pa, dahil mumurahin at pipitsuging nobela (Mills and Boon na *Sweet Betrayal* ang titulo) ang ibinigay sa kanya, sa halip na ang orihinal niyang ninakaw na *Once There Was a War* ni Steinbeck. Ang mismong pagbanggit sa akda ni Steinbeck na tungkol sa kanyang buhay bilang war correspondent noong panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay isang posibleng pahiwatig sa buhay ng kabataang bakla (pasintabi kay Joi Barrios): ang pagiging kabataang bakla ay pamumuhay sa panahon ng digma. At sa digmaang ito, hindi lamang ang heterosexismo at heterosexualidad ang kalaban ng bakla. Pati kapwa bakla ay maaring maging kalaban at maging sanhi ng pagdanas sa "matamis na pagtataksil."

Identipikasyon sa Babae

Hindi nalilimita sa paglalarawan ng mga relasyon sa pagitan ng mga kapwa lalaki ang mga textong pampanitikan ng mga bakla. Matatagpuan din ang pakikipag-ugnayan ng mga bata at kabataang bakla sa kababaihan sa mga texto, at madalas kaysa hindi, positibo ang kalikasan ng mga relasyong ito.

Mga ina ang nagsilbing positibong impluwensiya sa mga persona ng mga tulang "Pagbabalik sa Silid ni Inang," "Sinulid Naming Mag-ina," "Usapang Kusina" at "Salamangka."

Sa "Pagbabalik sa Silid ni Inang," naglitanya ang persona ng iba't ibang alaala ng kanyang ina habang ginagampanan nito ang pagiging isang "ina." Sa proseso ng paglilitanya, napalitaw ng persona ang kadakilaan ng kababaihang pinipiling manatili sa tinatawag na pribadong ispero ng mga feminista: na ang paghuhugas ng pinggan ay hindi lamang paghuhugas ng pinggan kundi pagbibigay ng aral sa buhay sa kabataan. Kaya nga sabi ng persona sa katapusan ng tula:

> At lilisan akong higit pa sa nakilalang panganay mo
> na handang makitalad sa siyudad ng bato at semento. (Evasco 28)

Tila kahawig nito ang proyekto ng tulang "Usapang Kusina," dahil itinumbas rin ang espasyong ginagalawan ng ina—ang kusina—sa mismong katawan nito:

> Kung kaya't sanay ako sa kanyang amoy:
> hiningang amoy sopas;
> kilikiling amoy bawang;
> dibdib na amoy sibuyas;
> buhok na amoy sinangag;
> leeg na amoy luya;
> at daliring amoy kalamansi. (Evasco 29)

Ang ipinagkaiba lamang, bagaman ang ina ang nag-aalaga sa kanyang anak, mayroon pa ring mga pagkakataong sumusulpot kung kailan ang ina ang nangangailangan ng pag-aalaga. At kanino pa ba manggagaling ang kalinga at payo para sa isang ina kundi sa sariling anak? Singtamis ng pasas ang mga linyang ito:

> Bago pa man niya hanguin ang sinaing,
> hinagkan ko na ang Nanang
> at pinisil ang kanyang mamantikang palad.
> "Inang, makinis nga ang ubas
> pero di hamak na matamis ang pasas." (Evasco 31)

Mayroon ding suhestyon ng pakikipaghiwalay sa ina ngunit pananatili ng ugnayan sa mga tulang "Sinulid Naming Mag-ina" at "Salamangka." Sa "Salamangka," ang mga kuwentong pambatang isinasalaysay ng ina tuwing gabi ang ibinaon ng persona sa kanyang paglaki. (Evasco 215-217) Habang sa "Sinulid Naming Mag-ina" ang sinulid sa titulo na dating nakatali sa kanyang pulso ay sumagisag sa kanilang ugnayan at pagmamahalan na kayang lumagos sa mga limitasyon ng espasyo at panahon. Pakinggan:

> Ngayon, kapag napapadpad ako ng binti't talampakan
> sa madawag na lugar, sinasalat ko ang aking pulso.
> Hinahanap ko ang sinulid na nagbibigkis sa amin ni Inang.
> Hinihimas ko ang aking sikmura para muling makabasa.
> At kagila-gilalas, aking nakikita ang Inang,
> namamasyal mag-isa sa parke,
> may nakataling mga lobo sa braso

habang nakikipagpatintero
sa dumadagsang mga anino. (Evasco 219-220)

Ang mga babae naman sa mga tulang "Kuwadernong Rosas," "Sad Movie" at "Queen" ay hindi ina o lola, kundi ang mga persona mismo. Ang mga persona sa tulang "Kuwadernong Rosas," "Sad Movie" at "Queen" ay mahihinuhang pawang transgender.[2] Positibo ang identipikasyon sa babae sa mga tulang ito dahil ang babae ang kumakatawan—sa literal at hindi literal na paraan—sa katotohanan at paglaya.

Sa "Kuwadernong Rosas," pagkatapos ng matagal na panahon ng pagpipigil sa paglitaw ng kinikilalang identidad, pinili na ng personang palayain ang kanyang sarili sa pamamagitan ng resureksyon ng babae na matagal nang pinatay:

Sa aking kaarawan, ipinagtutulos ko ng kandila
Ang mga lalaking pumatay sa babae ng aking panaginip:

Bukas, isusuot ko ang rosas kong blusa at palda
Dahil ang kaluluwa sa kuwaderno ay malaya na. (Garlitos "Ladlad 3" 187)

Habang sa "Queen" (Baytan "Ladlad 2" 91-92), bagaman pinalalaya ang persona ng lubos na identipikasyon sa babae sa pamamagitan ng *crossdressing*, mayroon pa ring impit ng kabiguan ang paglaya dahil nagaganap lamang ito sa gabi, kapag tulog na ang mga magulang. May lungkot ang pagtatagumpay ng persona bilang *Miss Gay Universe 1995* dahil idinambana man siya ng lahat, ang suporta naman mula sa kanyang ina ay maiiwan lamang sa kanyang isip:

…In my mind, Mama, I am holding a fresh bouquet,
Waving to a feverish crowd, and you are there crying
Because it's your son's farewell walk as a queen. (Baytan 92)

2 "'Transgendered' is increasingly used to describe persons who assert a gender identity different from their biological sex but choose not to undergo sex reassignment surgery…" mula sa depinisyon ng "Transsexuals" sa Steve Hogan and Lee Hudson, *Completely Queer: The Gay and Lesbian Encyclopedia* (New York: Henry Holt and Company, Inc., 1998), 544-545.

Nang Mamulat sina Adan: Pagkamulat sa Homosexualidad

Pagkatapos ng paghahanap sa sarili, susunod na makikitang litaw na katangian ng mga akdang tungkol sa kabataan at pagkabata sa panitikang bakla ang mga naratibo tungkol sa pagkamulat sa sexualidad. Halos pumapatong ang temang ito sa paghahanap ng sarili, pero minarapat kong ibukod dahil ang karamihan sa mga akdang susuriin sa seksyong ito ay sexual ang kalikasan, na hindi totoo sa lahat ng mga akdang tinalakay na sa itaas. Partikular na matutukoy ang katingkaran ng temang pagkamulat sa homosexualidad sa mga kuwentong "Boy Scouting," (Andrada "Ladlad 3" 3-10) "Yakap," (Baquiran "Ladlad 2" 215-220) "Kotong," (Del Rosario "Ladlad 3" 51-63) "Atseng," (de Dios 3-11) "Boys who like boys," (Groyon "Ladlad 1" 53-69) "Awit Para sa Mamang Magbabalut," (Villanueva "Ladlad 3" 225-226) at sa isang yugtong dulang "Esprit de Corps." (Solito "Ladlad 1" 270-291)

Sa paglalarawan ng mga akdang ito sa pagkamulat sa homosexualidad ng mga kabataang bakla sa kanilang pagiging mga sexual na nilalang, mapapansin na nagsimula muna sila sa mga karanasang homososyal. Ang homososyal ay patungkol sa ugnayan ng mga lalaki na nasa bingit na ng pagiging homosexual pero nananatiling nasa loob ng heterosexualidad dahil sa kanilang parehong pagnanasa sa (kadalasan ay iisang) babae, na nagsisilbi bilang "ikatlong termino."

Sa "Boy Scouting" ni Michael Francis Andrada, nahubog ang pangunahing tauhan sa mga institusyong exklusibo sa kalalakihan—ang *boy scout association* at *high school*. Bagaman inilalarawan niya ang sarili bilang mala-babae ("Ligawin ako noong hayskul"[3]) nagtapos ang kuwento sa

> Baka kasi mabuking nila tayo. Marami pa namang babae ang may gusto sa atin. Marami ang kumukursunada sa atin. Hindi naman natin maipaliwanag sa kanila kung ano ang pinagtatalunan natin. Hindi nila alam. Walang nakakaalam na babae ang pinagbibinuan natin ng braso. (Andrada 3)

3 Michael Francis C. Andrada, "Boy Scouting" nasa *Ladlad 3*, 3.

Nananatili pa rin ang imahen ng pagiging lalaki ng pangunahing tauhan at ng kanyang kasintahan. Nananatili sa loob ng sirkulo ng kalalakihan ang katotohanan na sa loob ng mga samahan ng (inaakala ng mga tagalabas na) heterosexual na lalaki, sila-sila ang nagkakagustuhan. Ang ikatlong termino, ang babae, ay binanggit sa huling pangungusap ng kuwento. Bukas sa pagpapakahulugan ang bahaging ito: maaaring magkaribal sa isang babae ang dalawang magkasintahang lalaki; maaari din namang pinagtatalunan kung sino ang magiging "babae" sa kanilang dalawa sa relasyon. Ang malinaw lamang, alinman sa dalawang ito ang piliing kahulugan, kinakailangan ng magkasintahan ang "babae" upang mapanatili ang mapagkandiling haligi ng heterosexualidad.

Gayundin sa "Yakap," nagsimula muna sa kategorya ng "pagkakaibigan" ang relasyon ng mga tauhang sina Noel at Pen. Nang hindi na makapagpigil si Noel sa kanyang nararamdaman para kay Pen at sabihin ang kanyang tunay na damdamin, inilagay niya sa peligro ang kanilang relasyong nasa loob pa ng heterosexualidad dahil homososyal.

> "Pen… na-in love ako sa iyo."
> Ngumiti si Pen. Matagal. Matagal na matagal.
> "Ow?"
> "Oo."
> "Pen, huwag mong sabihin sa iba."
> "Oo, alam ko naman 'yung mga ganyang problema."
> "Pero seryoso ako. Tinamaan ako sa iyo, pare."
> "Kalimutan na lang natin 'yan."
> "Hindi."
> "Noel, alam kong iniisip mo, e. Hindi ako bakla. Pare, walang ganyanan."
> "Hindi ko naman iniisip yung iniisip mo, e."
> "Manligaw ka na lang ng babae."
> "Ikaw ang gusto ko."
> "Si Donita, ayaw mo? Malibog 'yon." (Baquiran 219)

Malinaw na hindi lubusang ignorante ang "hindi baklang" si Pen dahil sa kanyang pahayag na "Oo, alam ko naman 'yung mga ganyang problema" na isa na ring hindi direktang pakikipagkuntsaba sa paglilihim ng kabaklaan ni Noel, isang paraan upang mapanatili ang heterosexualidad ng kanilang samahan sa mga tagalabas. At ang naging sagot ni Pen sa pagpipilit ni Noel

ng katotohanan ng kanyang romantikong damdamin ay ang imbokasyon ng ikatlong termino, ang babae: "Si Donita, ayaw mo? Malibog 'yon."

Nagtapos ang kuwento ni Baquiran sa positibong imahen: "Sa silangan, sumungaw na ang unang silahis ng araw." (219) Maaari itong basahin bilang pagbubukas ng posibilidad ng pagbabanyuhay ng homososyal na relasyon patungo sa pagiging homosexual sa bisa ng pagtatapat ni Noel kay Pen. Maaari rin naman itong basahin bilang posibilidad ng pagiging bisexual ni Pen, dahil sa implikasyon ng salitang "silahis," pero maitututuring pa rin iyon bilang pagbasag sa homososyal na relasyon dahil sa nabubuksang posibilidad ng romantiko at sexual na relasyon sa pagitan nilang dalawa.

Inilalarawan naman sa "Atseng" ni Honorio Bartolome de Dios kung paanong ang homososyalidad ay nagsisimula kahit sa murang edad pa lamang. Ang barkadahan ng mga totoy ay nagsisilbing espasyo ng pag-eensayo nila sa inaasahang pakikitungo nila sa kapwa lalaki sa kanilang paglaki. Sa isang eksena sa gilingan, ipinakita kung gaanong kanipis ang pagitan ng homososyal at homosexual na relasyon ng batang kalalakihan sa kanilang mga pinipiling pampalipas oras—pahabaan ng ihi, palakihan ng burat, patigasan ng titi ang gawain nina Indo, Ome at Ato. (7-8)

Pero masasabing lunsaran lamang ang mga sexual na laro ni Ato kasama ang kanyang mga kaibigan, dahil ang kanyang pinsan na si Dodong ang nagmulat sa kanya sa homosexualidad.

> "Anong grade ka na, Ato?"
> "Greyd payb."
> "Tinitigasan ka na ba?"
> "Ha?"
> "Ng titi. Tinitigasan ka na ba ng titi?"
> "Ewan ko."
> "Bakit hindi mo alam? Ang lalaki, dapat tinitigasan ng titi."
> "Bata pa 'ko."
> "Kahit na. 'Lika rito." (de Dios 9)

Makikita rito kung paanong ginamit ni Dodong ang homososyal na relasyon upang maisagawa ang kanyang pagpapasarap na tumatawid patungong homosexual na "ispero." Pero hindi agad masasabing bakla na rin si Dodong. Sala-salabid ang mga hibla ng relasyong pangkapangyarihang

nagsasalikop sa kaso ng pang-aabuso kay (at homosexualisasyon ni) Ato: mas makapangyarihan ang kanyang pinsan dahil mas matanda ito kaysa kanya, kung kaya mas paniniwalaan kung sakaling magkabukuhan—mas may kredibilidad ang binata kaysa bata, mas malakas din ang pangangatawan nito kaysa kay Ato, at higit sa lahat, kahit pa magkabukuhan at mapaniwalaan ang batang si Ato, mayroon pa ring lambong ng superyoridad si Dodong dahil "pinatulan" lamang niya ang babakla-baklang si Ato. Mapapanatili ni Dodong ang pag-unawa sa kanyang pagiging homososyal kahit nasa kuwadro ng pang-aabuso ang kanyang naging sexual na ugnay kay Ato. Higit pa rin ang magiging kahihiyan kay Ato dahil siya ang bakla, at siya ang sumubo ng ari ng kanyang pinsan.[4]

Ang pakikibahagi sa mga larong nasa bingit ng pagiging homosexual pero nakapaloob pa rin sa homososyal ay matatagpuan rin sa "Boys who like boys." Pansinin ang eksenang ito:

> Then you realize that the nipple-pinching war has evolved into a butt-and-crotch-grabbing war. Giggling has turned into shouting and laughing as everyone clambers over beds and bags, trying to avoid the assaults. You clamber gamely with the others.
>
> Suddenly you feel a hand snake under your towel and brush you between the legs. You turn to retaliate and you see the culprit running to the opposite of the room. You think you've cried out but realize that no sound came out. You can't move, you feel funny. (Groyon 65-66)

Ang "kakaibang" naramdaman ng pangunahing tauhan ay ang unti-unti niyang pagkahulog patungo sa homosexual na pakikipag-ugnayan mula sa homososyal lamang na pakikipag-ugnayan sa mga kapwa lalaki. Hindi siya nakapagsalita dahil dayuhang wika pa sa kanya ang posibilidad na ang pagdukot

---

4 Sinasalamin nito ang konsepto ng pagkakalaking Pilipino at ng kakayahan niyang pumatol: maaaring mapanatili ng isang lalaki ang kaniyang pagiging lalaki kahit pa makipagtalik siya sa isang bakla, kahit pa isang lalaki din naman ang bakla, dahil nasa konteksto naman ito ng pagpatol."…[F]or a call boy remains a 'real man' (understood as "heterosexual") even when he is being sexually aroused by an "other man" (that is, not a real man or a *bakla*). Nasa J. Neil C. Garcia, *Philippine Gay Culture The Last 30 Years Binabae to Bakla Silahis to MSM* (Quezon City: University of the Philippines Press, 1996), 304.

ng ari ng kapwa lalaki ay hindi lamang biro kundi puwedeng isang gawain na maaaring magdulot ng sexual na lugod. Ito rin ang maituturong dahilan kung bakit pananahimik ang inisyal na reaksyon ng pangunahing tauhan sampu ng kanyang mga kaibigan nang makapanood sila ng paghahalikan ng dalawang lalaki. (Groyon 61)

Nasa dulang "Esprit de Corps" naman ang pinakamatinding manipestasyon ng homososyal na relasyon ng kalalakihan bilang posibleng lunsaran ng pagkamulat sa homosexualidad dahil nakapaloob ito sa isang institusyon na may basbas ng estado. Ang taktika ng mapagsamantalang tauhan rito, si Major Favila ay hindi nalalayo sa naging taktika ni Dodong sa kuwentong "Atseng": naisusulong ang pagpapasasa sa lugod na homosexual sa pamamagitan ng pagtatago sa likod ng relasyong homososyal, kaya heterosexual. Ang taktikang ito nagbibigay ng basbas ng heterosexualidad sa homosexual at pisikal na lugod na nakukuha ni Major Favila at kahit mismo ng mga kadete sa kanilang paghahalikan. Hindi rin dapat mawala ang ikatlong termino, ang babae. Pakinggan:

> PRIVATE SARMIENTO: (*Gulat*) Sir, ang galing n'yo palang humalik. No wonder ang dami n'yong syota, sir.
> MAJOR FAVILA: (*Payabang*) Siyempre, Private Sarmiento. Expert yata ito! Okey, now give me the definition of a map. (Solito 282)

Maliban pa sa homososyalidad, matingkad rin ang tema ng paghanga sa katawan ng lalaki sa paglalarawan ng pagkamulat sa sexualidad ng kabataang bakla sa panitikan. Sa isang eksena sa "Boys will be boys," ginagad ng pangunahing tauhan ang postura ng isang modelong hubad sa isang babasahin. Naghahalo ang pagnanasa at paghanga sa paglalarawan sa depiksyon ng naturang "perpektong" katawan:

> A young male body, its head conveniently cropped out of the page, stands in an anonymous shower…The body screams its perfection, its skin smooth and unblemished. Water dribbles down its contours, glistening in the harsh light. In a concession to the ad's purpose, the body's hand clutches at a pair of soaking wet jeans, holding it over the unprintable parts. (Groyon 57)

Matinding pagnanasa rin at fasinasyon sa katawan ng lalaki ang matatagpuan sa tulang "Awit Para sa Mamang Magbabalut" ni Camilo M. Villanueva, Jr. Sa pagnanasa ng binatilyong persona, tila siya nagpapahayag ng panliligaw sa isang dalaga: hindi matapus-tapos ang bawat pangungusap na inuusal, pabaling-baling kung saan ang lohika, nahihilo sa pinagsama-samang damdamin ng puspos na kaba, pagnanasa at hiya. Kaya naman pagkatapos ng pasikot-sikot na mga saknong, naibulalas na lamang ng binatilyong persona ang kanyang tunay na nais sabihin sa dulo ng tula na nagtapos pa mandin sa tandang padamdam:

> Buo na ang gabi
> Nitong binatilyong namamalikmata sa iyo! (Villanueva 226)

Sa kuwentong "Kotong," ang fasinasyon sa katawan ng lalaki ang nagdulot ng kapahamakan at kaligtasan sa danas ng pagkamulat sa sexualidad ng pangunahing tauhan na si Gilbert. Nagustuhan niya ang mapagsamantalang si Boyet dahil natagpuan niya rito ang mga pisikal na katangian ng kanyang pinagpapantasyahang artistang si Leandro Baldemor: "ang mabibilog at siksik niyang braso, ang buo at malapad niyang dibdib, ang maliliit at angat niyang utong." (del Rosario 51) Ang fasinasyon na ito ang naging dahilan ng paglalagay ni Gilbert kay Boyet sa posisyon ng kapangyarihan—hinayaan niyang kotongan siya nito nang ilang beses.

Pero sa isang eksena, habang naliligo, napagtanto ni Gilbert ang kaniyang sariling pisikal na kagandahan:

> Saglit akong naakit pagmasdan ang sariling kahubdan sa malaking salamin. Kadalasa'y takot akong tingnan nang matagal ang sariling pangangatawan. Pakiramdam ko kasi, lagi itong may kulang, nakabababa kung ihahambing sa pangangatawan ng mga lalaking aking inaasam. Pinisil ko ang aking mga braso, banayad na inihimas ang mga kamay sa basa pang dibdib at hinayaang ang mga ito'y gumala sa aking mabalahibong hita. Pagkuwa'y iniakyat ang mga ito sa aking ari. Marahan kong hinimas ang sariling titi. At malinaw ang nakita ko sa salamin: ako ri'y kaakit-akit, hindi naiiba. (del Rosario 60)

Matapos niyang makita ang sarili bilang posibleng obheto ng pagnanasa, bilang lalaking maaaring magpahabol at habulin—matapos magkaroon ng fasinasyon sa sariling katawan— nagkaroon ng sapat na lakas ng loob si Gilbert upang bumalikwas sa kaniyang sitwasyon. Literal niyang pinahiga

sa semento si Boyet, nakipagtuos siya ng lakas: magandang katawan laban sa magandang katawan. Kasabay ng pagbalong ng dugong halos bumura sa kagandahan, sumirit ang tagumpay sa dibdib ni Boyet.

> Pinawalan ko ang aking braso. Agad ko siyang hinarap at nagpawala ng isang ubod lakas na suntok sa sa kanyang mukha. Nawalan siya ng panimbang at bumagsak sa lupa. Nagsimulang magdugo ang kanyang ilong…Walang tigil kong pinagsusuntok ang kanyang magandang mukha hanggang ito'y halos mabura na ng dugo. (del Rosario 62)

Pagpupulis sa sexualidad

Ang karanasan sa pakikipagtunggali sa imposisyon ng heterosexualidad ang maaaring sabihing pinakamatingkad na tema sa mga akdang nagtatampok sa bata at kabataang bakla. Paulit-ulit ito sa halos lahat ng mga akda, sa iba't ibang anyo.

Sa kuwentong "Boy Scouting" (Andrada 3-10) ni Michael Francis Andrada, ipinakita ang pagpupulis ng simbahan sa sexualidad. Pinagtambis sa kuwento ang sinehan bilang espasyong homosexual at ang kumpisalan bilang espasyong heterosexual: pagkatapos ng kaniyang pangungumpisal at ang detalyadong pagsasalaysay ng mga "kasalanan," walang kaabog-abog na isinalaysay naman ng pangunahing tauhan ang kanyang umaatikabong engkuwentrong sexual sa dalawang kapwa kabataang lalaki sa loob ng sinehan.

Ang paggamit sa espasyo ng kumpisalan kung saan idinetalyeng lahat ang sexual na gawain, ay sumasalamin sa pagmamatyag ng simbahan, partikular ng Romano Katolikong simbahan, sa sexualidad ng bakla. Pero alinsunod sa pormulasyon ni Foucault sa kalikasan ng kapangyarihan, bagaman ito ay nakapagdodomina, ito rin ay produktibo. (17-35) Kung kaya sa tangkang pagsupil ng simbahan/pari sa homosexualidad ng pangunahing tauhan sa "Boy Scouting," kinailangan siyang pagsalitain—at ang tauhan naman ay buong pusong nagbahagi: "Memoryado ko ang lahat—ang haba, lapad, taba, kinis, dulas, ang mga ugat, ang mga itlog, ang masukal na bulbol." (Andrada 4)

Ang malaking balintuna: nandoon sa pagbibigay ng pahintulot na magsalita ang nangungumpisal ang mismong akto ng paghubog at pagbibigay

ng permiso upang patuloy umiral ang mismong nais nilang supilin. Doon sa represyon na iyon ng pangungumpisal, nananahan ang oposisyonal na himig sa pahayag ng tauhan na "Nalibugan ako habang nangungumpisal." Wika nga ni Foucault, "If sex is repressed, that is, condemned to prohibition, nonexistence, and silence, then the mere fact that one is speaking about it has the appearance of a deliberate transgression." (6)

Lalong kumakapal ang pagbasa kung aalalahaning nangyari ang lahat ng ito noong kabataan ng pangunahing tauhan. Maagang nagsisimula ang pagkondisyon at pagdomina ng naghaharing sexualidad, ang heterosexualidad, kung kaya ang pagkabuo ng oposisyong sexualidad ay maaga ring nagsisimula.

Ang institusyon naman ng pamilya ang kumakatawan bilang pulis ng sexualidad sa "Komunikasyon" ni Earlwin Tan-Navarro. ("Ladlad 2" 267-282) May matindi pa itong apektibong elemento dahil ang ina sa kuwento—posibleng mutasyon ng eternal na mater dolorosa—ang nagsasalita sa anak na nagmumukha namang sutil dahil sa pagtindig para sa kanyang karapatan. Kung itutuloy ang biblikal na pagsipat sa kuwento, maaaring mabanaagan sa palitang ito ng dayalogo ang eksena ng pagkawala at muling pagkatagpo kay Kristo sa templo, kung saan sa pagsasalita niya sa Birheng Maria na kanyang sariling ina ay nabaligtad ang relasyong pedagogikal ng magulang at anak:

> E, di ba ang mga bakla 'yung mga taong…
>
> You haven't been listening to me! I've told you perhaps a hundred times na ang mga bakla, hindi lang mga taong nanggugupit at nangkukulot ng buhok ninyo tulad ni Jeng. O ni Onie na nagde-design ng mga damit ninyo. Hindi lahat ng gays ay nagsusuot ng pambabae. There are different kinds. Si Miguel lalaki, pero ang gusto niya, lalaki ring mamahalin. Lalaki ako at ako ang gusto niya. Ako naman lalaki rin at gusto ko ring maging ka-relasyon ay lalaki—at si Miguel na 'yon. (Tan-Navarro 268)

Ang ina bilang mater dolorosa rin ang nagsilbing tagapagpatupad ng imposisyon kay Gilbert, ang pangunahing tauhan sa "Kotong." (del Rosario "Ladlad 3" 51-63) Hindi man binanggit sa kuwento ang lantad na imposisyon ng heterosexualidad, tila espada naman ni Damocles na nakaumang sa ulo ng kabataang bakla ang multo ng kanyang nasirang ama—bilang tagahalili sa iniwan nitong puwesto sa pamilya, dapat rin niyang manahin

ang heterosexualidad at ang lahat ng kaakibat na gampaning pangkasarian (gender role) nito—gaya ng pagiging tagapagtaguyod ng pamilya, pagiging "malakas" at matatag na "haligi ng tahanan." Kaya nang hindi makapagpigil ang kanyang ina at mapabulalas na "malayong-malayo ka pa rin sa Papa mo!" (del Rosario 61) Napabulalas na rin ng kanyang hinaing si Gilbert sa bigat ng heterosexual na tungkuling iniatang sa kanyang murang balikat: "Wala na si Papa, patay na siya! Bakit ba hindi mo matanggap na hindi ko siya kayang buhayin kahit kailan!" (del Rosario 61)

Maaari ding basahin ang dayalogo bilang komentaryo sa pagiging normatibong konsepto ng mga gampaning pangkasarian—na mga heterosexual lamang ang maaaring maging matagumpay na makapagsagawa ng mga ito.

Kung ang imbokasyon ng ispektro ng ama bilang ideyal na heterosexual na subheto ang ginamit ng ina ni Gilbert sa "Kotong," ang buhay na buhay na ama naman bilang awtoridad ng heterosexualidad ang matatagpuan sa kuwentong sa mga tulang "Sa Iyong Kaarawan, Itay," (Cahilig "Ladlad 3" 147-148) "Hardinero," (Evasco "Ladlad 3" 165-166) "The conversion," (Garcia "Ladlad 1" 146-148) "Coloring Book," (Evasco 25-26) at "Bagong Taon ng Baguntao." (Evasco 199-201)

Ang pagpupulis sa sexualidad na dinanas ng persona sa tulang "Sa Iyong Kaarawan, Itay" ay nasa anyo ng berbal na karahasan:

> "Putang ina mo!"
> "Wala kang kuwentang anak!"
> "Bakla, salot ka sa lipunan!" (Cahilig 148)

Sa unang malas, tila wala man lang bahid ng pagiging matulain ang siniping mga taludtod mula sa tula ni Cahilig, pero hindi ito dahil sa kakulangan ng makata. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng bantas na panipi, ginagad ng tula ang kasagwaan ng wikang ipinanghahambalos ng heterosexismo sa kamalayan ng bata at kabataang bakla. Sa paggagad ng wikang ito, nagtatagumpay ang tula sa paglalantad ng mapanupil na paghubog na pinagdaraanan ng hindi lamang iilang bakla sa kanilang paglaki: masagwang pakinggan, hindi matulain, hindi dapat winiwika sa isang bata—bakla man o hindi—pero binibigkas pa rin.

Pinaghalong berbal at pisikal na karahasan naman ang ginamit na sandata ng pagpapasunod sa tulang "Bagong Taon ng Baguntao" ni Eugene Evasco. Sabi nga ng persona, tila isang "espiritista" ang ama na pilit pinaaalis ang masamang espiritu ng homosexualidad na lumukob sa baklang binata. Nakapangingilabot ang karahasang inilalarawan ng tula, dahil nagmistulang halimaw ang ama (napatanong na nga ang persona: "Paano kaya niya napaibig ang iyong ina?" [Evasco 199]) habang isinisigaw na tila engkantasyon ang mga salitang inaasahang magpapalayas sa homosexualidad (na tinawag ng persona bilang "babae") at lalagos sa balat ng bakla at doo'y mananahan at magbubunga ng heterosexualidad. Pero higit na nakapanghihilakbot ang suhestyon na hindi lamang naiiwan sa papel ang nilalaman ng tulang ito ni Evasco: sa iba't ibang lugar, sa iba't ibang panahon, hindi malayong hanggang ngayon, sa mga sandali ng pagbasa ng papel na ito, mayroon pa ring isang binatang baklang nagiging biktima ng maling pananampalataya sa heterosexualidad:

> Kailangang palayasin ang babae
> sa iyong kilos,
> sa iyong tinig,
> sa iyong puso,
> sa iyong utak,
> sa iyong katawan.
> *Lalaki ka! Lalaki ka!*
> sigaw ng iyong ama
> habang dumadapong paulit-ulit
> ang patpat sa iyong puwit at balikat. (Evasco 199)

Sa tulang "The conversion" naman ni Neil Garcia, hindi lamang ang ama ang mag-isang nagpatupad ng karahasan ng heterosexismo, kundi isinama rin ang iba pang "kalalakihan" ng pamilya. Grapiko ang inilarawan ng tula at klasiko na sa ngayon: ang paglulublob ng batang bakla sa isang dram na puno ng tubig, akmang lulunurin siya at iaangat, at maliligtas lamang kapag namutawi na sa kanyang mga labi ang "tamang sagot" sa tanong na "Girl or boy?"[5] Posibleng sumilip sa mata ng isip ng mambabasa ang iba't ibang uri ng torture—mula sa water torture ni San Lorenzo Ruiz, hanggang

5 Patunay sa popularidad ng pang-aaping ito sa bakla ang naglipanang *forwarded text messages* kung saan nag-iiba-iba ang sagot ng batang bakla—mula "Sirena po!" hanggang sa mas kontemporaryong "Si Beyonce po!"

sa mga imahen ng mga rallyistang binobomba ng tubig bilang pagpapatupad ng crowd control at ang samu't saring pagpapahirap sa katawan ng mga kriminal na inilarawan at idinetalye ni Michel Foucault sa *Discipline and Punish*. Maaaring maging publikong espektakulo—kung kaya mayroong basbas ng publiko—ang pagpaparusa sa sinumang hindi sumunod sa batas ng heterosexualidad, kahit pa naghuhumiyaw ang karahasan sa pagpapatupad nito. Basahin ang sipi mula sa tula:

> All the neighbors gathered around our
> open-air bathroom. Wives peered out
> from the upper floor of their houses
> into our yard. Father had arrived booming
> with his cousins, my uncles.
> They were big, strong men, my uncles.
> They turned the house inside-out
> looking for me. Curled up in the deepest corner
> of my dead mother's cabinet, father found me.
> He dragged me down the stairs by the hair
> into the waiting arms of my uncles. (Garcia 146)

Pero hindi naman grapiko ang lahat ng pagpupulis ng sexualidad na inilarawan sa mga akda ng baklang manunulat. May mga pagkakataong ang gahum ng heterosexualidad na lumilitaw sa pagpupulis ng sexualidad ng bata at kabataang bakla ay nakapangyayari sa lambong ng inaasahang inosenteng ahensiya ng pagmamahal.

Sa paggamit ng pag-aalaga sa halaman bilang sentral na metapora, ipinakita sa tulang "Hardinero" kung gaano kanipis ang linya sa pagitan ng pagmamahal at panunupil, na kung minsan ang mga gawaing ikinukuwadro ng heterosexualidad bilang normal at dapat ay nakalilikha pala ng mga sugat na hindi man mababakas sa balat ay nagdurugo nang paloob. Basahin ang salimbayan ng karahasan sa mga sumusunod na linya:

> Kinalaunan, itinuwid mo
> Ang mura kong sanga.
> Lagi't lagi pinangangambahan
> Ng sumusupling kong talbos
> Ang nakaamba mong talim.
> Paminsan-minsan, tinatabas mo
> Ang mura kong katawan.

Napapailing ka sa malabnaw kong dagta,
Nasusuya ka sa yumuyuko kong tindig.
Ibinakod mo ako sa alipusta;
Dinadambana ko ang pagtatakda mo ng hangganan.
Makailang beses mong pinagtangkaang
Ihugpong ang iyong supang sa aking sanga;
Itinuturing mo akong isang pagkukulang. (Evasco 165)

Maging ang simpleng pagtuturo ng kung ano ang kulay ng alin ay kakikitaan ng pagpupulis sa sexualidad at imahinasyon ng batang bakla. Sa "Coloring Book," naranasan ng persona kung gaano kabilis ang pagbabanyuhay ng pagmamahal tungo sa panunupil kapag mayroong pagtaliwas sa mga idinidiktang posibilidad ng pagkatao at sexualidad:

Inilapat ko ang ginto at pilak sa mga talahib,
dilaw sa mga kilapsaw ng dagat,
at puti sa kalabaw na angkas ang tagak.
Agad lumapat ang yantok na patpat
sa aking palad at nabali ang paborito
kong pangkulay. Pinilas ni Tatang
ang mga pahina ng naturang aklat.
Ginabayan niya ang aking kamay
upang ipabatid na lunti lamang
ang kulay ng mga dahon at damo,
rosas ang kulay ng labi ng bata,
bughaw ang ulap kapag magtatanghali,
dilaw ang manggang hinog,
puti ang mga ngipin, itim ang buhok,
at kahel ang lagablab sa ilalim ng kalan. (Evasco 25-26)

Dalawang lebel naman ng karahasan ang matatagpuan sa "Atseng" ni Honorio Bartolome de Dios: pisikal at pantasya. Sa lebel ng pisikal na karahasan, gaya ni Ernie Victor sa "Ang lalaking laging nakasalaming itim," naging biktima ng sexual na pang-aabuso ang batang si Ato, ang pangunahing tauhan sa "Atseng." Mas mapanganib pa nga ang sumilo kay Ato dahil kadugo niya ito—mas mapanganib ang kalaban na kasama sa ilalim ng parehong bubong—at hindi kapwa bakla, kundi isang heterosexual na lalaki: ang kanyang pinsan na si Dodong.

Ang pantasya naman sa pagpatay ng bakla ang kinakatawan ng multo ni Atseng. Sa pag-uusap ng mga batang tauhan na sina Ato, Ome at Indo,

maaaring mahugot ang nakabaong nasa na lipulin ang lahat ng bakla dahil sa kanilang pagiging iba—kaibhan na nagiging sanhi ng samu't saring negatibong bansag, isang pagtatangka sa saradong-isip na pag-unawa na maaaring magpaalala sa rasyonal ng mga Kastila nang ituring nilang masama at bawal ang inabutang kultura at relihiyon ng mga katutubo. Sa madaling salita, demonisasyon. Pakinggan:

> "Totoo nga kayang malas ang bakla sa buhay?"
> "Ni-reyp daw si Atseng bago pinatay."
> "Gago, paano mare-reyp ang bakla?"
> "E yun ang sabi sa tindahan."
> "Boypren niya raw yung pumatay."
> "Kabit!"
> "Basta sabi ni Ama, malas ang bakla. Kasalanan daw sa Diyos." (de Dios 6)

Pero hindi naman nagngunguyngoy lamang ang mga baklang manunulat sa kanilang mga akda tungkol sa kabataan. Hindi natatapos ang pagsulat sa paglalantad ng kaapihang dulot ng pag-iral sa isang lipunan kung saan nakapangyayari ang heterosexualidad. Inilalarawan din sa mga akda ang paglaban ng mga bakla, ang pagtatangka nilang lansihin ang sistema at ipagpatuloy ang kanilang pagpupunyagi sa pag-iral na iba sa nakararami. Malinaw na malinaw ito sa mga tulang "Bakit Ako Nagpapalipad ng Saranggola" at "Kung Bakit Ako Pumipikit" ni Eugene Evasco.

Sa mga tulang ito, inilarawan ni Evasco ang taktikal na pakikipaglaban ng batang bakla sa lipunang hindi mabait sa kanya. Isinagawa ito sa pamamagitan ng paghanap ng sariling espasyo, ng paglikha ng sariling mundo, na bagaman maaaring sabihin sa unang malas bilang eskapista at naiiwan sa ere dahil hindi pisikal kundi pumapailanlang sa arena ng pangarap, hindi pa rin maipagwawalang bahala ang katotohanan na ang mga hindi pisikal na pakikipag-ulayaw sa sarili, ang pangangarap, ang mental na estado, ay tunay na mayroong relasyon kung kaya kumikilapsaw sa kapaligiran nating materyal.

Bilang pagwawakas, basahin ang siping ito mula sa "Kung Bakit Ako Pumipikit":

> Pumipikit ako
> dahil nakatitig ang aso sa akin
> at baka ako'y kagatin.

Pumipikit ako
dahil bumebelat ang pikong kalaro
hanggang sa siya'y maduling.

Pumipikit ako
dahil matalas ang tingin
ni titser na masungit.

Pumipikit ako
dahil napakaasim ng kamias
at wala namang asing masasawsawan.

Pumipikit ako
dahil madilim na sa labas
at ako'y matutulog na.

At siyempre,
pumipikit ako para makita
ang aking magiging panaginip. (Evasco 57-58)

Sanggunian

Beltran, Herminio S. editor. *Ani volume 33*. 2007 Manila: Cultural Center of the Philippines. Print.

De dios, Honorio Bartolome. 1998. *Sa Labas ng Parlor*. Quezon City: University of the Philippines Press. Print.

Evasco, Eugene Y., Roselle V. Pineda at Rommel Rodriguez, mga editor. *Tabi-tabi sa Pagsasantabi: Kritikal na Tala ng mga Lesbiana at Bakla sa Sining, Kultura, at Wika.* Quezon City: University of the Philippines Press, 2003. Print.

———. 2001. *Kilometro Zero: Mga Tula*. Manila: De La Salle University Press. Print.

Foucault, Michel. 1983. *The History of Sexuality: An Introduction.* New York: Random House. Print.

———. 1995. *Discipline and Punish: The Birth of the Prison*. New York: Random House, Inc. Print.

Garcia, J. Neil C. at Danton Remoto, mga editor. 1994. *Ladlad: An Anthology of Philippine Writing.* Pasig: Anvil Publishing, Inc. Print.

———. 1996. *Ladlad 2: An Anthology of Philippine Gay Writing.* Pasig: Anvil Publishing, Inc. Print.

———. 2007. *Ladlad 3: An Anthology of Philippine Gay Writing.* Pasig: Anvil Publishing, Inc. Print.

Garcia, J. Neil C. 1992. *Closet Quivers.* Manila: Kalikasan Press. Print.

———. 1996. *Philippine Gay Culture: The Last Thirty Years.* Quezon City: University of the Philippines Press. Print.

———. 1998. *Slip/pages: Essays in Philippine Gay Criticism (1991-1996).* Manila: De La Salle University Press. Print.

Hogan, Steve at Lee Hudson. 1998. *Completely Queer The Gay and Lesbian Encyclopedia.* New York: Henry Holt and Company, Inc. Print.

Sedgwick, Eve Kosofsky. 1990. *Epistemology of the Closet*. Berkeley: The Regents of the University of California. Print.

———. 1985. *Between Men: English Literature and Male Homosocial Desire*. New York: Columbia University Press. Print.

Wittig, Monique. 1992. *The Straight Mind and other essays*. Hempstead: Harvester Wheatsheaf. Print.